

Mga Batayang Teorya sa Varayti at Varyasyon ng Wika

Emma B. Magracia

Abstrak

Maraming varayti ang wikang ginagamit sa iba't ibang bahagi ng daigdig, kasama na ang Pilipinas. May mga dahilan sa pagiral ng ganitong mga varayti at pagkakaroon ng mga varyasyon sa mga varayting ito. Ang ganitong penomenon ay naipaliliwanag ng mga teoryang sumasakop hindi lamang sa linggwistik na aspekto ng wika kundi maging sa sosyolinggwistik at sikolinggwistik. Ang mga teoryang ito ang nagbibigay-linaw sa paglitaw ng mga varayti ng wika na may kasamang ilang aplikasyon sa konteksto ng Pilipinas.

Keywords: varayti, varyasyon, teorya, language code

Introduksyon

Wika ang masasabing isa sa pinakamahahalagang imbento ng tao. Ito ang instrumentong ginagamit niya upang maiparating sa kanyang kapwa ang kanyang niloloob, naiisip, damdamin, at mga adhikain. Wika ang kanyang tulay sa pakikipagtalastasan sa kapwa upang makapamuhay nang maayos sa lipunang kanyang kinabibilangan.

Ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon, panahon at lugar ay maaaring gamitin ng tao ang wikang kanyang alam. Ang isang mahalagang konsiderasyong dapat niyang isaalang-alang ay ang wikang alam ng kanyang kapwa. Maaari lamang silang magkaroon ng mabisa at epektibong komunikasyon kung iisang wika lamang ang kanilang ginagamit o isang uri ng wikang kapwa nila naiintindihan.

The author is a lecturer at the Department of Filipino and Other Languages at the MSU-Iligan Institute of Technology. She took her Ph.D. in Language Teaching in Filipino at the University of the Philippines, Diliman. She handles courses for graduate and post-graduate courses at the MSU-IIT.

Bakit nga ba nag-iiba-iba ang wika? Bakit ang sinasalitang Tagalog sa Metro Manila ay kaiba sa uri ng Tagalog na ginagamit sa probinsya ng Quezon o silangang bahagi ng Rizal o sa Cavite o sa Batangas? Bakit magkaibang Hiligaynon o Ilonggo ang ginagamit sa Siyudad ng Iloilo at sa mga bayan sa probinsya ng Iloilo o mga karatig probinsyang Capiz, Antique, o Negros Occidental? Bakit ang Cebuano ng Cebu ay iba sa mga Cebuanong ginagamit sa malaking bahagi ng Mindanao at ilang pulo sa Visayas na Cebuano rin ang ginagamit?

Varayti ng wika ang tawag sa penomenong ito. Ang isang wika ay nagkakaroon ng pagkakaiba-iba dala ng dalawang mahahalagang salik – ang heyograpikal at sosyal.

Isa ang Pilipinas sa mga bansang may maraming wikang ginagamit. May 109 na wika sa Pilipinas ayon kay McFarland (1996), samantalang sinasabi ni Constantino (1992) na may higit sa 500 wika at wikain ang ginagamit sa bansa (binanggit sa Santos, Hufana, at Magracia, 2009). Binubuo ng higit sa 7,000 mga isla ang Pilipinas at ang malalaking isla ay nahahati pa rin ng matataas na bundok at malalawak na ilog at iba pang dimensyong heyograpikal. Ang mga kalagayang heyograpikal na ito ang nagiging hangganan at dibisyon ng mga wikang nagagamit sa iba't ibang lugar. Kadalasang nangyayari na ang isang wikang ginagamit ay nagkakaroon ng pagbabago pagtawid lamang ng isang ilog o isang malawak na bukirin. Varyasyon ng wika ang tawag dito at ang nabagong uri ay varayti ng wika o dayalekto ng isang itinuturing na istandard na wikang sinasalita sa isang ispesipikong lugar.

Hindi lamang dimensyong heyograpikal ang nagpapabago sa uri ng wika. Ang sosyal na dimensyon ay malaki rin ang nagagawa upang magkaroon ng isang tiyak na uri ng wikang ginagamit ang partikular na grupo ng tao. Ang wikang nabubuo ay tinatawag na sosyolek, isang uri ng wikang panlipunang umiiral sa mga taong nabibigkis ng magkakatulad na interes, karakteristiko, gawain, propesyon, o pamumuhay. May mga tiyak na uri ng wikang ginagamit ang mga sundalo, ang mga doktor, titser, inhinyero, manikurista, mga espesyalista sa kompyuter, at iba pa, at kahit mga tinedyer, bakla, o matatanda. Ang sosyolek ng mga grupong ito ay nag-iiba-iba dahil sa kanilang hindi magkakapareho at komplikadong larangang kinabibilangan at ayon sa konteksto ng kanilang karanasang kinasasangkutan.

May mga dahilan sa penomenong pangwikang ito, lalo na ang pagkakaroon ng mga uring hinuhubog ng mga panlipunang salik.

Pinaniniwalaan ng mga sosyolinggwista na ang wika ay isang panlipunang gamit at ang pagkakabuo ng iba't ibang uri o varayti ng wika ay dala ng mga kondisyon at kontekstong kinapapalooban ng mga gumagamit nito. May mga teoryang pangwikang tumatalakay sa komplikado at sopistikadong gamit ng wika sa iba't ibang konteksto na makapagbibigay-linaw sa ganitong penomenon. Sumusunod ang ilan sa mga ito.

Ang Teoryang *Language Code*

Mahalagang kontribusyon ang teoryang sosyolinggwistik na *language codes* ni Basil Bernstein sa pag-aaral ng komunikasyon. Nakapaloob sa malawak na teoryang ito ang *elaborated* at *restricted codes*. Ang terminong *code* ay ipinaliwanag ni Stephen Littlejohn (en.wikipedia.org/wiki/Basil_Bernstein) bilang *set of organizing principles behind the language employed by members of a social group*. Ipinahihiwatig ng paliwanag ni Littlejohn na ang teorya ni Bernstein ay nagpapakitang ang wikang ginagamit ng mga tao sa pang-araw-araw na pag-uusap ay parehong naglalarawan at humuhubog ng mga hinuha ng isang tiyak na panlipunang grupo. Bilang karagdagan, ang mga uri ng ugnayang umiiral sa mga bumubuo ng panlipunang grupong ito ay nakaaapekto kung paano ginagamit ng mga tao ang wikang ito at ang uri ng wikang ginagamit nila.

Unang ipinakilala ni Bernstein ang ideya ng *restricted* at *elaborated codes* noong 1971. Iginiit ni Bernstein na may direktang ugnayan ang kalagayang panlipunan ng tao at wika. Sa mga pag-aaral na kanyang ginawa ay napansin niyang ang mga mag-aaral na nasa lipunang manggagawang uri ay may kahinaan sa kanilang linggwistik na gawain sa eskwelahan kung ikumpara sa mga mag-aaral na nasa *middle class* at *upper class* o nakaaangat sa kabuhayan. Subalit sa mga gawaing matematikal at iba pang aspekto ng pag-aaral, nagkakapantay ang dalawang grupo ng mga mag-aaral.

Si Bernstein ay may digri sa sosyolohiya at doktorado sa linggwistika at maraming *honorary doctorates*. Ang kanyang mga obra sa sosyolohiya at linggwistika ay nagbunga ng malaking impluwensya ngunit ang pinakapangunahin ay ang kanyang nabuong teorya sa sosyal at edukasyonal na *codes* at ang kanilang epekto sa panlipunang pag-aangat. Ipinakilala niya ang mga konsepto ng *elaborated* at *restricted*

codes. Tinatawag din itong *deficit theory* ng ilang sosyolinggwista (Danzig, 1995, nasa Tarone, 2001) kahit na pinabubulaanan ito ni Bernstein mismo. Ayon sa kanya, walang kakulangan o *deficiency* ang *restricted codes* manapa, ito'y may hayagang kaugnayan sa sosyal na dibisyon ng paggawa kung saan ang wikang nakabatay sa konteksto ay kailangan sa konteksto ng produksyon.

Ang dalawang uri ng *language codes* ay ang *restricted code* at *elaborated code*.

Ang *restricted code*. Ang *restricted code* ay bagay sa mga taong nasa loob ng isang yunit, isang *insider*. Sila iyong mga kabahagi ng mga hinuha, akala, at pag-unawa sa paksang pinag-uusapan. Mas gamitin ang *restricted code* sa mga sitwasyong may maraming kaalamang nauunawaan at halos binabale-wala na dahil karaniwan na lamang ito sa mga grupo ng nag-uusap. Ekonomikal at mayaman itong naghahatid ng malawak at maraming kahulugan sa iilang salita lamang. Ang bawat isang salita ay nagtataglay ng mga kompleks na konotasyon at gumaganap na parang indikador ng mas maraming impormasyong hindi nababanggit.

Sa *restricted code*, ang mga nag-uusap ay humuhugot sa mga natipong kaalaman at pang-unawang pinaghahatian. Nabubuo ang damdaming nagkakaisa sa uri ng *code* na ito, ng pakiramdam na kabahagi siya ng isang tiyak na grupo. Makikita ang *restricted codes* sa magkakaibigan, kapamilya, at sa ibang malalapit na kapalagayang-loob na grupo.

Sa pananaliksik ni Bernstein ay napansin niyang ang *restricted code* ay ginagamit ng mga manggagawang uri. Di gaanong pormal ang *restricted code* at may maiikling pariralang isinisingit sa gitna o huling bahagi ng ideya upang matiyak ang pang-unawa dito. Ang mga halimbawa ay "alam mo," "ang ibig kong sabihin," "tama?," "ok?," "sa palagay mo," at iba pa.

Ayon kay Bernstein, ang isang taong nabibilang sa manggagawang uri ay nakikipagkomunikasyon gamit ang *restricted code* na resulta ng kanyang mga kinalakhang kondisyon at prosesong panlipunan. Ito ang nakikitang dahilan sa korelasyong nangyari sa uri ng pamumuhay at mababang performans sa mga pangwikang subjek ng mga mag-aaral na nakita sa mga pananaliksik na ginawa ni Bernstein na nabanggit sa unahan.

Ang elaborated code. Hindi ipinagpapalagay sa *elaborated code* na ang nakikinig ay kabahagi ng mga hinuha o pang-unawa ng mga kaalamang alam ng nagsasalita kaya higit na eksplisito, lubos at masusi ang uri ng komunikasyong nangyayari at mensaheng ipinaaabot sa nakikinig. Hindi kailangang intindihin sa loob ng mga pangungusap ang kahulugang nais ibahagi ng nagsasalita o kunin ang implikasyong ipinahahayag ng mga pangungusap sa *elaborated code*.

Sa *elaborated code* ay inilalahad ang lahat, hindi dahil mas mabuti ito, kundi kailangan ito upang maintindihan nang lubos ang lahat ng ipinaliliwanag o sinasabi. Kailangan ang elaborasyon sa pagpapahayag dahil ang mga sirkumstansya ay hindi nagbibigay ng laya sa nagsasalitang paikliin ang kanyang sinasabi. Mas mabisa ang *elaborated code* sa mga sitwasyong walang nauuna o kabahaging pang-unawa o kaalaman, kung saan higit na kailangan ang masusing paliwanag. Kung ang nagsasalita ay may sinasabing bagong ideya sa isang taong ngayon lamang niya nakadaupang-palad, kailangan siyempreng mag-usap sila gamit ang *elaborated code*.

Nakatatayo sa kanyang sarili ang *elaborated code*, kompleto at puno ng mga detalye at sinumang nakikinig lamang ay lubos ding makakaunawa sa pinag-uusapan, hindi katulad ng sa *restricted code* na kailangang may kaalamang nauuna ang nakikinig dahil maiikli ang mga pangungusap at hindi nailalahad ang lahat ng mga detalye. Sa *elaborated code* ay makikita ang mahahaba, higit na komplikadong istrukturang panggramatika at gumagamit ng hindi karaniwang mga salita at ideya. Walang makikitang mga nakasalit o nasingit na mga pariralang nanghihikayat ng pag-unawa kundi mga kompletong ideyang mahusay na inilalahad at hindi nangangailangan ng nauunang kaalaman o pang-unawa sa ganang nakikinig.

Ang mga nakaaangat sa buhay o ang nasa *middle class* ay gumagamit ng *elaborated code*. Ang mga nasa ganitong antas ng buhay ay higit na madalas magpalipat-lipat ng lugar, at ganoon din ay madalas na nagbabago-bago ang sosyal at kultural na kalagayan. Samantala, ang mga manggagawang uri ay kadalasang nasa iisang lugar lamang dala ng hanapbuhay o gawaing ekonomiko at dahil sa kanilang kalagayang sosyal at kultural ay karaniwang istatik ang pamumuhay.

Ang gawaing sosyolinggwistik ni Bernstein sa *restricted* at *elaborated code* ay nagdulot ng kontrobersiya. Marami ang tumutol sa

kanyang teorya dahil sa bahid ng pagpula sa kalagayang sosyal ng mga manggagawang uri. Ang kanyang *restricted code* ay kilala rin sa katawagang *deficit theory* at ang terminong ito ay may kaakibat ng kababaang uri sa mga manggagawang uri (Atkinson, 1985). Kahit na ito ay pinabulaanan ni Bernstein sa pamamagitan ng pagpapaliwanag tungkol sa linggwistikal na konteksto at hindi sa mismong kalagayang sosyal, may nakakapit pa ring pangit na kahulugan ito sa iba.

Ang Sapir-Whorf Haypotesis

Ang Sapir-Whorf haypotesis ay kilala rin sa mga katawagang teoryang *linguistic determinism(o relativity)*, *cultural relativism*, at teoryang *world view* ngunit ang mga katawagang ito ay hindi nanggaling mismo sa dalawang proponent ng haypotesis, sina Edward Sapir at ang kanyang naging estudyanteng si Benjamin Lee Whorf.

Sentral na paniniwala sa Sapir-Whorf haypotesis na ang sinasalitang wika ng tao ay nagdedetermina kung paano niya tinitingnan ang daigdig na kanyang ginagalawan. Ang ibig sabihin, ang wika ng tao ang nagbibigay sa kanya ng ideya kung ano ang daigdig na kanyang kinaroroonan at anumang konseptong labas sa kanyang daigdig ay nagiging banyaga sa kanya. Hinuhubog ng wika ang kanyang mga nakikita, naririnig, nadarama, at ang mga ideyang ibinibigay ng mga ito ang siyang bumubuo sa kanyang konsepto kung ano ang daigdig na kanyang pinananahanan.

Kahit na puno rin ng kontrobersiya ang haypotesis na ito at maraming kritisismo ang inani ng konseptong ito, nanatili itong malakas na balani o magnetong humihigop sa mga linggwista upang gumawa ng mga pag-aaral at eksperimento upang patunayan o pasubalian ang teoryang binuo nina Sapir at Whorf. Ang ilan sa mga pag-aaral na ito ay ang mga eksperimento sa kulay nina Lenneberg at ang tungkol sa artipisyal na wika, na ang pinakahuli ay tinawag na *lojban*.

Ang prinsipyong *linguistic relativity* na kilala bilang Sapir-Whorf haypotesis ay ang ideyang ang mga nagbabago-bagong konseptong kultural at mga categoryang nakapaloob sa iba-ibang wika ay nakakaapekto sa klasipikasyong kognitibo ng nararanasang paligid ng daigdig sa paraang ang mga tagapagsalita ng iba't ibang wika ay hindi pare-pareho o iba-iba ang pag-iisip at kilos dahil dito. Pinalawak pa ito ni

Brown (1976) sa pamamagitan ng pagpapakilala ng tinawag niyang *weak linguistic relativity* at *strong linguistic relativity*. Nililimita ng *weak linguistic relativity* ang mga ideya at pag-iisip dala ng wika samantalang sa *strong linguistic relativity*, ang wika ang nagdedetermina ng ideya at isip.

Nagsimula sa sibilisasyong klasikal ang ideyang magkabuhol ang wika at pag-iisip kahit na hindi ito itinuring ng mga pilosopo sa Europa bilang mahalaga o pundamental. Pinaniwalaan, halimbawa, ni St. Augustine na ginagamit lamang ang wika sa pagpapangalan o pagbibigay ng label sa mga umiiral nang konsepto. Sinabi naman ni Kant na ang wika ay isa lamang sa mahahalagang kasangkapang ginagamit ng tao upang maranasan ang daigdig o ang kanyang tinatahanan. Noong 1820 ay ipinasok ni Humboldt ang pananaw na ang wika ay siyang tunay na hibla ng ideya, na ang mga ideya o isip ay nabubuo sa pamamagitan ng panloob o pansariling dayalog gamit ang mismong grammar ng unang wika ng nag-iisip. Ayon pa sa kanya, ang pag-iiba-iba ng mga wika ay hindi talaga pagkakaiba ng mga simbolo at tunog kundi pagkakaiba ng pananaw sa daigdig. Dito rin nagsimula ang konsepto ng pagiging superyor ng ibang wika at ang pag-iral ng ibang mahinang wika.

Ngunit simula sa huling bahagi ng ika-19 na siglo ay umusbong ang bagong pananaw sa wika sa pamamagitan ng paggiit ni Franz Boas ng pagkakapantay-pantay ng lahat ng mga kultura at wika. Binigyang-diin ni Boas na kaya ng lahat ng wikang ipahayag ang anumang gustong ipahayag ng katutubong nagsasalita nito ngunit sa iba-ibang kaparaanan at estilo ayon sa kulturang iniiralan ng nasabing wika. Nakita ni Boas na di-maaaring ihiwalay na bahagi ng kultura ang wika, na ang dalawa ay magkabuhol. Taliwas ito sa paniniwala ni Humboldt ng hindi pagkakapantay-pantay ng lahat ng wika sa buong daigdig.

Naging estudyante ni Boas si Sapir. Maliban sa impluwensya ni Boas ay binalikan ni Sapir ang ideyang Humboldtian na taglay ng wika ang susi sa pag-unawa ng magkakaibang pagtingin ng mga tao sa daigdig. Niyakap niya ang paniniwalang dahil sa malaking pagkakaiba ng mga sistemang gramatikal ng mga wika ay walang dalawang wikang maaaring magamit sa perpektong pagsasalin, na dahil magkaibang realidad ang nirerepresenta ng wika, ang mga tagapagsalita ng iba-ibang wika ay magkakaiba-iba rin ng kanilang persepsyon sa realidad. Sinasabi pa ni Sapir na *the worlds in which different societies live are distinct worlds, not merely the same world with different labels attached* (1929).

Hindi gumawa ng anumang pag-aaral si Sapir upang ipakita kung paano naaapektuhan ng wika ang proseso sa pag-iisip ng mga tagapagsalita nito na siyang batayan ng *linguistic relativity* na likas sa kanyang pangunahing pag-unawa sa wika. Dito nagsimula si Whorf.

Sa halip na paniwalaan lamang na naiimpluwensyahan ng wika ang isip at kilos ng mga tagapagsalita nito ay sinikap na usisain ni Whorf kung paano tinitingnan ng mga tagapagsalita ang kanilang daigdig sa pamamagitan ng iba-ibang sistemang gramatikal at gamit ng wika. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga wikang katutubong Amerikano. Pinaniniwalaan niyang hinihimay-himay ng tao ang kanyang paligid ayon sa kanyang katutubong wika dala ng sistemang linggwistik ng kanyang isip. Ang isang halimbawang ginawa niya ay ang diumano'y maraming salitang katumbas ng salitang *snow* sa Ingles sa wikang Inuit o ang salitang tubig sa wikang Hopi na may dalawang katawagang tubig na nasa lalagyan laban sa tubig na nasa likas na kinalalagyan nito katulad ng ilog, lawa, dagat, at iba pa. Ipinakita ni Whorf na ang katutubo o indehinus na wika ay may maraming termino para sa isang konseptong iisa o kakaunting katumbas lamang sa Ingles o iba pang mauunlad na wika.

Ang isa pang halimbawang ginawa ni Whorf upang ipakitang nakakaapekto ang paggamit ng wika sa kilos ng tao ay mula sa kanyang karanasan sa trabaho. Sa planta ng kemikal na kanyang pinasukan ay may dalawang kwartong imbakan ng mga bariles ng kemikal, isa para sa mga bariles na puno ng kemikal at ang isa pa ay para sa mga nabakanteng bariles. Parehong hindi dapat manigarilyo sa dalawang imbakan ngunit napansin niyang samantalang walang empleyado ang naninigarilyo sa may mga lamang bariles, hindi pansin ng mga empleyado ang babala sa imbakan ng mga nabakanteng bariles at dito ay naninigarilyo sila. Mas delikado ang imbakan ng mga nabakanteng bariles dahil sa madaling magsiklab na singaw sa mga nabakanteng bariles. Ipinagpalagay niya na ang salitang *empty* o walang laman para sa mga bariles ang naging dahilan sa ikinikilos ng mga empleyado upang akalain nilang walang pinsalang maaaring mangyari sa paninigarilyo sa imbakan ng walang lamang mga bariles kahit pa sa isip nila ay batid nilang maaaring sumabog dito dala ng singaw na nasa loob ng mga nabakanteng bariles ng kemikal.

Ang pinakamahalagang argumento ni Whorf sa *linguistic relativity* ay ang paniniwala niya sa pangunahing pagkakaiba sa pang-

unawa sa panahon bilang kategoryang konseptwal sa mga Hopi kung ihambing sa Ingles o ibang pangunahing wikang Europeo. Hindi iniisip ng mga Hopi ang paglipas ng oras o panahon bilang hanay ng mga tiyak at mabibilang na pagkakataon kundi bilang isang proseso lamang. Dahil dito ay wala silang pangngalang pantukoy sa mga yunit ng panahon katulad ng apat na oras o tatlong araw o limang taon. Iminungkahi niyang ang pananaw na ito sa oras o panahon ay napakahalaga sa lahat ng aspekto ng kultura ng Hopi at isang matibay na paliwanag sa kanilang ilang patern ng kilos.

Ang isa pang halimbawang ibinigay ni Whorf bilang patibay sa kanilang haypotesis ay ang klasipikasyong linggwistikal ng mga Hopi sa lahat ng bagay bilang gumagalaw o *animate* at hindi gumagalaw o *inanimate* (Ocampo, 2002). Kasama sa kanilang klasipikasyon ng mga bagay na gumagalaw o *animate* ang mga bato at ulap na hindi maaaring magkaganoon sa mga wikang Ingles o Europeo. Naniniwala ang mga Hopi na gumagalaw ang mga ulap at bato kaya may ganoong pagmamarka sa kanilang wika. Binanggit din ni Ocampo ang iba't ibang terminong pantukoy sa *snow* ng mga Eskimo na hindi matumbasan ng kasindaming katawagan sa Ingles maliban na lamang sa pagdaragdag ng mga panuring o mga salitang palarawan sa *snow*.

Sa puntong ito ay mainam na ihanay at banggitin ang bigas na isang mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino. Sa Ingles ay iisa lamang ang katawagan para sa bigas o palay man at ito ay *rice* subalit sa kulturang Pilipino ay marami ang maaaring maibigay na katawagan mula sa pagiging palay nito hanggang sa iba't ibang uri ng luto ng bigas. Iilan lamang ang palay, bigas, malagkit, sinaing, sinangag, lugaw, suman, biko, puto, at marami pang iba. Pagpapatibay ito sa haypotesis na Sapir-Whorf na malaki ang nagagawa ng wika sa pagtingin ng isang grupo ng mga tagapagsalita sa kanilang daigdig na ginagalawan.

Ang Teorya ng Akomodasyon

Dinibelop ni Howard Giles ang teorya ng akomodasyon. Ang teorya ng akomodasyon ang makapagpapaliwanag ng ilang dahilang kognitibo kung bakit ang isang tao ay nagpapalipat-lipat ng wika sa kanyang pagsasalita o gumawa ng iba pang pagbabago sa kanyang pagsasalita upang mabigyan ng empasis o kaya ay magkaroon ng minimal na

pagkakaibang sosyal sa gitna ng nagsasalita at kanyang interlokutor. Sinasabi ni Giles na kung gusto ng mga nagsasalita na makalapit sa isang sitwasyong sosyal ay mangyayaring halos gayahin nila ang paraan ng pagsasalita ng kanilang mga kausap gamit ang mga aytem katulad ng piniling wika, aksent, dayalek, at iba pang paralinggwistik na mga bagay na ginagamit sa interaksyon. Bilang kabaligtaran nito, ang mga tagapagsalita ay maaari ring gumamit ng kanyang mga sariling mapagkakakilanlan sa pagsasalita upang mabigyan ng empasis ang kanyang distansyang sosyal sa kanyang mga kausap.

Sa simula at mas maagang mga pagsusulat ni Giles tungkol sa kanyang teorya ay hinamon niya ang mga mananaliksik na gamitin ang kanyang teorya sa iba't ibang bahagi ng buhay ng tao sa iba't ibang kalagayang sosyal at kultural. Marami ang tumugon dito at nagkaroon ng maraming pag-aaral na nagawa sa teorya ng akomodasyon. Nakapokus ang teorya sa ginagampanang papel ng kombersasyon sa buhay ng tao. Ilan sa mga pag-aaral na ito ay ang sa mass media (Bell, 1991), sa pamilya (Fox, 1999), sa mga estudyanteng Intsik (Hornsey at Gallois, 1998), sa matatanda, at maraming iba pa (lahat nasa highered.mcgraw-hill.com/sites/.../student_view0chapter29).

Makikitang ang wika ay kakikitaan ng pagbabago-bago ayon sa lipunang gumagamit nito. Hindi iilang beses na nakakarinig tayo ng "ibang" aksent o pagbigkas sa isang tao at nagkakaroon tayo ng ideya sa kanyang ekonomikal na kalagayan sa buhay, edukasyong natamo, uri ng pagkatao at kahit ng kanyang kakayahang mental o karunungan. Ayon nga kina Giles at Clair (1979), ang wika ay hindi iisang uri o istatikong sistema. Ito ay may multi-tsel, multi-varyabol, at kayang magkaroon ng malawak na modipikasyon ayon sa iba't ibang kontekstong pinaggagamitan ng ispiker, kahit na maaaring mapansin ng nakikinig ang ilang maliliit na pagbabago sa pagsasalita ng ispiker na magbibigay ng ideya sa kalagayang sosyal ng nagsasalita. Ang ganitong kalagayan ay nagbibigay ng importansya sa teoryang akomodasyon.

May dalawang uri ng akomodasyong nangyayari sa teoryang ito – ang *convergence* at *divergence*. Kung nais ng nagsasalita na mapabilang siya sa kontekstong sosyal ng kausap ay nasa aspektong *convergence* siya, ngunit kung nais niyang igiit ang kanyang kalagayang sosyal o kultural na kaiba sa kanyang kausap, siya ay nasa *divergence*.

Ang akomodasyong *convergence*. Kung nais ng indibidwal na mapalapit sa kinalalagyang sosyal ng kausap o kaya ay nais niyang mapaliit ang kanilang agwat sosyal, nangyayari ang akomodasyong *convergence*. Sa pagkakataong ito ay sinisikap ng nagsasalita na halos makapantay o maging magkapareho ang paraan, tono, pagbigkas, o iba pang karakteristiko ng kausap, hindi sa paraan ng panggagagad o panggagayang katulad ng sa ibong loro kundi aproksimasyon ng paraan ng pagsasalita ng kausap. Dito nangyayari ang *code switching* at iba pang pagbabago sa paraan ng pagsasalita ng nagsasalita sa hangad niyang mapatulad sa kanyang kausap. Ang halimbawa rito ay ang may edad nang nakikipag-usap sa isang paslit o *baby*. Ang kanyang pakikipag-usap ay halos katulad ng pagsasalita ng isang paslit upang makuha niya ang kawilihan at atensyon ng paslit na makipag-usap din sa kanya. Ang kanyang tono ay malambot kung hindi man malambing at ang mga salitang ginagamit niya ay simpleng madaling maintindihan ng batang kausap. Ang tawag dito ay *baby talk*.

Ang isa pang maaaring mabanggit ay ang pakikipag-usap sa isang banyagang nagsisimulang matuto ng Filipino o katutubong wika. Gagamit dito ng madalang na pagsasalita at paggamit ng mga salitang binibigkas nang maliwanag. Kadalasan, sinasamahan ng kumpas ng kamay at iba pang paralinggwistik na simbolo ang pagsasalita upang makuha ng kausap ang sinasabi ng nagsasalita. O maaaring magkabaligtad ang pangyayari. Ang banyagang kausap ay nagsisikap na maintindihan ng katutubo ang kanyang sinasabi kaya ganoon din ang kanyang ginagawa. Ang tawag sa ganitong sistema ng pagsasalita ay *telegraphese* dahil mahahalagang salita ang binibigyan ng emphasis upang maintindihan ng kausap ang sinasabi ng nagsasalita.

Ang isang magandang halimbawa rin ay ang pagsasalita ng Ilonggo o Hiligaynon ng taong hindi Ilonggo. Ginagaya ng nagsasalita ang malambing at may tonong pagsasalita ng isang Ilonggo kahit na kung minsan ay hindi na mga salitang Ilonggo ang kanyang binibigkas. O ang pagsisikap ng isang Maranao na mawala ang kanyang intonasyon at aksent kung nagsasalita siya ng Filipino o Ingles.

Ang akomodasyong *divergence*. Ang *divergence* naman ay ang pagsisikap ng nagsasalita na maihatid sa mga kausap ang ideyang siya ay kaiba sa kanila at pinananatili niya ang kanyang kaibahang sosyal sa pamamagitan ng paggamit ng mga simbolo at markang nagpapakita ng

kanyang sosyal o kultural na kalagayan. Maaaring makita o marinig sa nagsasalita ang mga salitang katutubong kanya o nagmamarka ng kanyang kalagayang sosyal o kultural.

Isang magandang halimbawa si Annabelle Rama sa kanyang pagsasalita. Lalo na kung kausap o tinutukoy niya sa kanyang pagsasalita ay isang babae, binabanggit niya ang salitang *Day* na pinaikli ng salitang *Inday* na isang markang Bisaya (Cebuano, ngunit maaari ring Ilonggo. Si Annabelle Rama ay isang Cebuana.). Ganoon din, ang isang nasa mas mataas na antas ng kabuhayan ay iginigiit ang paggamit ng salitang *muchacha* para sa katulong sa halip na kasambahay upang maihatid sa tagapakinig na siya ay nasa mas mataas na antas ng kalagayang sosyal.

Ang Teoryang *Interlanguage*

Ang teoryang *interlanguage* ay isang teorya sa uri ng wikang natatamo at natututunan ng isang nag-aaral ng pangalawang wika, karaniwang banyaga, na hindi katulad ng kanyang unang wika at hindi rin naman katumbas ng kanyang target na pangalawang wika. Tinutukoy ng *interlanguage* ang pagiging hiwalay ng pangalawang wika sa sistema ng nag-aaral ng wika, isang sistema na nasa gitna ng istruktura ng dalawang wika, ang katutubo at ang target na pangalawang wika.

Tinatawag ding *approximative system* (Nemser, 1971, nasa Ellis, 1994) at *transitional competence at idiosyncratic dialect* (Corder, 1967, nasa Ellis, 1994) ang *interlanguage*. Si Selinker (1972) ang lumikha ng katawagang *interlanguage* na tumutukoy sa sistematikong kaalaman ng W2 (pangalawang wika) na hiwalay o independyente kapwa sa kanyang W1 (unang wika) at target na wika o W2.

Ang bata ay natututo ng kanyang unang wika sa pamamagitan ng imitasyon ng mga tunog at patern na kanyang naririnig sa paligid. Sa pamamagitan ng pagpapatibay o pagwawasto ng mga nakatatanda sa kanya ay natututo ang bata at nakukuha ang mga tamang porma ng wika sa pamamagitan ng pagdebelop ng isang pansariling uri ng sistema ng mga tuntuning gramatikal. Dahil dito ay nakakabuo ng hindi mabilang na mga *utterances* o pahayag ang bata na hindi pa naririnig sa kanya noon. Nangyayari ito dahil nakakadebelop ang bata ng isang sistema ng mga tuntuning gramatikal sa kanyang sarili. Ipinapakita ng maraming pag-aaral sa pag-angkin ng unang wika (W1) na totoong nakabubuo ng

kanilang sariling sistema ng mga tuntunin ang mga bata na unti-unting nadedebelop hanggang sa halos maging katulad na ito sa sistema ng mga nakatatanda. Napatunayan ding nagdaraan sila sa magkatulad na iba't ibang antas sa pagkamit ng mga tuntuning gramatikal. Sa ganitong pagtingin din ang pagtamo ng pangalawang wika. Ang nag-aaral ng pangalawang wika ay bumubuo rin ng kanyang sistema ng mga tuntuning gramatikal ng target na wika (W2). Gaano man kamali o hindi tugma ang mga pangungusap ng nag-aaral ng W2 ay gramatikal pa rin ang mga ito sa ganang mag-aaral dahil ito ay produkto ng kanya mismong sistemang pangwika. Ang sistemang ito ay unti-unti o dahan-dahang napauunlad tungo sa sistemang pantuntunin ng target na wika o W2. Ang bawat antas na naaabot ng mag-aaral na may iba't ibang uri ng sistemang gramatikal ay kanyang kakayahang pangwikang tinatawag na *interlanguage*. Ang terminong *interlanguage* ay sistemang pangwika ng mag-aaral na kaiba sa kanyang unang wika (W1) o sa kanyang pangalawang wika (W2) ngunit nagtataglay ng mga elemento ng dalawang wikang ito. Kaya ang mga maling nakikita sa *interlanguage* ng isang mag-aaral ay hindi dapat tingnan bilang mga simbolo ng pagkabigo lamang kundi bilang patunay ng umuunlad na sistemang pangwikang gramatikal ng mag-aaral. Ang mga maling ito ay repleksyon ng pansamantalang sistemang pangwika ng mag-aaral at isang natural na bahagi ng proseso ng pagkatuto.

Ngunit may isang penomenon sa *interlanguage* ng mag-aaral na dapat bigyan ng pansin. Ang mga maling makikita sa *intelanguage* na maaaring sa bigkas, gamit ng salita o iba pang gramatikal na elemento ng wika ay dapat na pansamantala o temporaryo lamang at bahagi lamang ng naabot na antas ng *interlanguage* at dapat na malampasan at maitama sa tamang panahon o sa susunod na antas ng kanyang kalagayang pangwika. Kapag ang mga maling ito ay hindi naitama at naging bahagi na ng sistemang pangwika ng mag-aaral, ang mga maling ito ay nakaabot sa estado ng pagiging *fossilized* o pagiging permanente at gaano mang pagsisikap na maitama ito nang may malay ay lalabas at lalabas pa rin sa pagsasalitang walang malay ng mag-aaral. Ang *fossilized language* ay isang karaniwang pangyayari sa *interlanguage* kaya hindi ito mawala-wala dahil nasa walang malay na bahagi ng pagsasalita ng tao.

Halimbawa, aling Ingles ang maituturing na istandard? Kung ang ginagamit na batayang Ingles ay ang American o British na Ingles, paano

ang Filipino na Ingles? Ang Japanese na Ingles? Ang Ingles ng mga Italyano? Ng Singaporean? Ng Australian? Ang mga uri ng Ingles na ito ay aproksimasyon ng istandard na Ingles na maaaring American o British at kung ganoon ay mga *interlanguage* lamang ng mga tagapagsalitag nabanggit. Kung papansinin pa rin, may mga Pilipinong makakapag-Ingles nang halos katulad ng pag-Ingles ng isang taal na Amerikano. Nangangahulugan itong ang antas ng *interlanguage* ng mga Pilipinong magagaling magsalita ng Ingles ay halos naabot na ang target na wikang Ingles. Ang *interlanguage* ay maituturing na isang *continuum* na may iba't ibang antas na maaabot at batay sa antas na ito ay ang katumbas na aproksimasyon ng galing o kahusayan sa target na wika o W2.

Isa ring magandang halimbawang maibibigay ang isang anawnser sa istasyong CNN na isang Australyanong hindi ko na maalala ang pangalan. Sa isang Australyano, ang pagbigkas ng mga pangalan ng araw ay may dulong *day* sa halip na *di* ngunit marami sa kanila ang nailwasan ang ganitong pagbigkas lalo na kung ang mga kausap o tagapakinig ay hindi mga katutubong Australyano. Subalit sa kaso ng anawnser na ito ay masyadong prominente ang pagbigkas niya ng mga araw na may dulong *day* katulad ng *Monday*, *Tuesday*, o *Friday* kaya ang kondisyong ito ay maituturing na *fossilized language* ng Australyano na ang mga tagapakinig at tagapanood ay nasa iba't ibang dako ng daigdig at hindi lamang mga taga-Australia.

May naging propesor din ako sa kolehiyo na kung bigkasin ang salitang *picture* ay *picksure*. Sinikap ng ilang estudyante na bigkasin nang maliwanag ang salitang *picture* sa tamang bigkas nito sa Ingles ngunit ngingiti lamang ang propesor na iyon at sa susunod niyang pagsasalita ay *picksure* uli ang bigkas niya ng *picture*. Ang ganitong pangyayari ay isang uri ng *fossilized error* na hindi na matatanggal gaano man kahusay o kagaling mag-Ingles ang maabot na kakayahan ng nagsasalita.

Teoryang *Interference* (Sagabal)

Sinimulan ni Hugo Munsterberg ang konsepto ng teoryang *interference* noong ika-19 na siglo. Ngunit si Bergström, isang sikologong Aleman, ang nakagawa ng unang mga pag-aaral tungkol sa *interference*

noong 1892. Gumawa siya ng mga eksperimento gamit ang dalawang tumpok ng mga barahang may mga salita. Nang baguhin ang pag-ayos ng mga tumpok ng barahang may salita ay naging mas mabagal ang paggawa ng pangalawang pagtumpok dahil ang unang mga tuntunin sa pagtutumpok ng mga baraha ay nakasagabal sa mga dapat tandaan para sa paggawa ng pangalawang pagtumpok ng mga baraha.

Isinasaad ng teoryang *interference* na nagkakaroon ng sagabal sa pagkatuto ng bagong bagay o salita ng isang wika sa pamamagitan ng pagkalimot ng mas maagang natutunang materyal dahil sa pagkakaroon ng kompetisyon sa isip ng isang nilalang ng mga salitang bago sa luma. May tatlong uri ng *interference*: *proactive*, *retroactive*, at *output*.

Proactive interference. Ang *proactive interference* ay ang pagkalimot sa mga impormasyon dahil sa sagabal o *interference* mula sa mga bakas ng pangyayari o pagkatuto na nangyari bago ang mga bagay o materyal na dapat tandaan. Nangyayari ang *proactive interference* sa kahit anong konteksto, ang mga nakaraang alaala ay nagpapabagal sa buong potensyal ng indibidwal na panatilihin sa isip ang mga bagong alaala.

Nangyayari ito sa pag-aaral ng mga bagong salita o terminong bahagi ng bagong wikang pinag-aaralan. Nahihirapang tandaan ng mag-aaral ang mga bagong salita lalo at walang maikabit na kontekstwal na marka sa salitang ito dahil sa pagkalito ng mag-aaral dala ng kanyang dati nang alam na mga salita sa unang wikang kanyang alam. Ang nangyayari ay naipagkakamali niya ito sa dating mga salitang alam niya o kaya ay nalilimutang tuluyan dahil sa nakaraang wikang alam niya.

Retroactive interference. Nagiging sagabal ang mga bagong impormasyon sa pag-alala ng mga dati o lumang bagay na naranasan na sa *retroactive interference*. Ito ang kabaligtaran ng *proactive interference* kung saan ang indibidwal ay nahihirapang tandaan ang mga bagong impormasyon dala ng kanyang mga luma o dating alaala na mahigpit ang kapit sa isip ng tao. Ang halimbawa dito ay ang pagmemorya ng dalawang numero ng telepono. Ang unang numero ay ibinigay sa isang tao at kanya itong tatandaan subalit pagkatapos nito ay bibigyan uli siya ng isa pang numero ng telepono na kanya ring tatandaan. Ang pangalawang numero ay higit na nagamit at sa dalas ng paggamit ng pangalawang numero ay hindi magiging madali sa tao ang pag-alala sa unang numero kung ihahambing sa pangalawang numero.

Kung gagamitin ito sa wika, ang ganitong konteksto ay mangyayari rin sa pag-aaral ng dalawang pangalawang wika nang sabay at ang isa ay nauuna nang kaunti kaysa pangalawa at higit na ginamit ang pangalawang wika kaysa unang wikang pinag-aralan. Sa kontekstong ito, ang pangalawang wika ay may higit na bisa sa isip ng tao kaysa pangalawang wikang pinag-aralan at nagkakaroon ito ng sagabal sa pag-alala ng unang wika.

Output interference. Nangyayari ang *output interference* kung ang unang gawa ng pag-alala ng isang tiyak na impormasyon ay nagiging sagabal sa pagkuha o *retrieval* ng orihinal na impormasyon. Isang halimbawa nito ay ang listahan ng mga salitang dapat gawan o hanapan ng mga kahulugan na naiwan sa bahay o naiwala nang hindi sinasadya. Sa pagsisikap na makagawa ng katulad na listahan, ang pag-alala sa ilang mga salita na nasa listahan ay magiging sagabal sa pag-alala ng lahat ng mga salitang nasa listahan.

Napag-alaman sa ilang mga pag-aaral at eksperimento na ang akto ng *retrieval* o paggawa ng magkatulad na listahan o gawain ay dahilan sa pagkalimot na maalala ang orihinal o naunang bagay. Sa paggawa ng pangalawang listahan ng mga salita, ang mga pinakahuling nabasa o nasabing mga salita lamang ang naaalalang italang muli at ang ibang nauuna ay hindi na talaga maalala.

Sa mga eksperimento sa teoryang *interference*, ang resulta ay nagpapakita na habang tumatanda ang tao ay lalong nagiging prominente ang epekto ng teoryang *interference*. Kung gagamitin ito sa pagtuturo at konsepto ng varayti ng wika, makikitang ang bawat grupo ng mga taong nasa iba't ibang kategorya ng edad ay nagkakaroon ng pagkakaiba rin sa kanilang uri ng wika dahil sa epekto ng pag-alala ng mga salitang bahagi ng wika dala ng teoryang *interference*.

May ilan pang teoryang maaaring ihanay sa ibang natalakay sa itaas subalit ipinagpapalagay na kalabisan na para sa artikulong ito. Subalit para sa posibleng magawa ng mga estudyante ay maaaring mabanggit ang ilan katulad ng teoryang universal grammar, teoryang variability, teoryang speech act, at iba pa. Makabubuti sa mga estudyante ang gumawa ng karagdagang pananaliksik tungkol sa mga teoryang nabanggit at gumawa ng pagtalakay na maaaring makaragdag sa kanilang kaalaman tungkol sa varayti ng wika.

Kongklusyon

Makikita sa mga talakay sa itaas ang mga teoryang makapagpapaliwanag sa penomenong nagiging dahilan sa paglitaw ng mga varayti ng wika. Malaki ang nagagawa ng pag-unawa sa mga teoryang nabanggit upang ang kaalaman sa wika ay maragdagan at magkaroon ng malawak na pang-unawa sa komplikadong konseptong dulot nito. Lalong mahalaga ang kaalaman dito para sa mga estudyante ng wika at mga gurong nagtuturo ng disiplinang mahirap malirip kung hindi sapat ang kaalamang kaakibat ng wika. Ang wika ay hindi istatiko at ang mga kondisyong nakapaligid dito at ang paggamit dito sa iba't ibang konteksto ay nangangailangan ng masusing pag-aaral at analisis upang maunawaan ang kalagayan at katangian nito. Kahit pa sa paraang ito ay makatitiyak tayong hindi kailanman magkakaroon ng pangwakas na paliwanag tungkol sa wika dahil ang isang hindi mapasubaliang katangian nito ay ang pagbabago.

Mga Reperensya

- Atkinson, P. 1985. *Language, Structure and Reproduction: An Introduction to the Sociology of Basil Bernstein*. London: Methuen.
- Boylan, Patrick. 2001. *Accommodation Through a Transformation of Consciousness*. Nasa Koch K. at T. Muggin. *Globalisation, Foreign Languages and Intercultural Learning, Proceedings of the First SIETAR-UK Conference*. London: South Bank University.
- Brown, Douglas B. 1994. *Principles of Language Learning and Teaching*. 3rd ed. New Jersey: Prentice Hall Regents.
- Brown, R. "In Memorial Tribute to Eric Lenneberg." *Cognition*, vol 4. (1976),125-153.

- Carroll, John B., ed. 1956. *Language, Thought, and Reality: Selected Writings of Benjamin Lee Whorf*. Mass.: MIT Press.
- Ellis, Roderick. 1994. *The Study of Second Language Acquisition*. Oxford: Oxford University Press.
- Fasold, R. W. 1987. *The Sociolinguistics of Society*. Oxford: Blackwell.
- Fishman, Joshua. "Whorfianism of the Third Kind: Ethnolinguistic Diversity as a Worldwide Societal Asset." *Language in Society*. vol. 11. (1976), 1-14.
- Giles, H. at R. Clair. 1979. *Language and Social Psychology*. Oxford: Blackwell.
- Halliday, M.A.K. 1975. *Learning How to Mean: Explorations in the Development of Language*. Oxford: Elsevier.
- Holmes, J. 1992. *An Introduction to Sociolinguistics*. London: Longman.
- Lenneberg, Eric. "Cognition in Ethnolinguistics." *Language (Linguistic Society of America)*. vol. 29, no.4. (1953), 463-471.
- Ocampo, Nilo S. 2002. *Mga Varayti ng Wika*. Nasa Peregrino, Constantino at Ocampo, eds. *Minanga Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- Peregrino, Jovy M, Pamela C. Constantino, at Nilo S. Ocampo, eds. 2002. *Minanga Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- Richards, Jack C., et al. 1992. *Dictionary of Language Teaching and Applied Linguistics*. 2nd ed. Essex: Longman.
- _____. 1974. *Error Analysis: Perspectives on Second Language Acquisition*. London: Longman Press.

Santos, Angelina L., Nerissa L. Hufana, at Emma B. Magracia. 2009. *Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon Teksbuk-Workbuk sa Filipino 1*. Malabon City: Mutya Publishing House.

Selinker, L. "Interlanguage." *International Review of Applied Linguistics*. Vol. 10, (1972.), 209-241.

Smith, A. D. "Aging and Interference with Memory." *Journal of Gerontology*, Vol. 30. (1975), 319-325.

Tarone, E. 2001. *Interlanguage*. Nasa R. Mesthrie, ed. *Concise Encyclopedia of Sociolinguistics*. Oxford.

Underwood, B. J. at L. Postman. "Extra-Experimental Sources of Interference in Forgetting." *Psychological Review* vol 67 (1960), 73-95.

changingminds.org/explanations/theories

[highered.mcgraw-hill.com/sites/.../student_view0/chapter 29](http://highered.mcgraw-hill.com/sites/.../student_view0/chapter_29)

en.wikipedia.org/wiki/Basil_Bernstein

en.wikipedia.org/wiki/interlanguage

www.answers.com/topic/sapir-whorf-hypothesis-3

www.wordiq.com/definition/Cultural_relativism